April 24,2020

Para sa mga magulang

Mutsumi Seibu Elementary School
School Principal Yamamoto Norio

臨時休業期間の延長について（お知らせ）

Tungkol Sa Extension Ng Pansamantalang Pagsasara Ng Paaralan

Batay sa kasalukuyang sitwasyon ng pagkalat ng nakakahawang sakit na New Corona Virus, hiniling ng Aichi Prefecture Board of Education na pahabain ang pansamantalang pagsasara ng paaralan. At bilang tugon sa kahilingan, ipinapaalam ng Okazaki Board of Education na ipagpapatuloy hanggang sa petsang May 31 (Linggo) ang pansamantalang pagsasara ng paaralan.

Kaya tutugon tayo gaya ng sumusunod. Marami pong salamat.

1 Ang pansamantalang pagsasara ng paaralan ay ipagpapatuloy hanggang sa petsang May 31 (Linggo)

※Gayunpaman, ang petsa ng pansamantalang pagsasara ay maaaring mabago ayon sa katayuan ng impeksyon sa hinaharap.

2 Habang sarado ang paaralan, simula May 21 (Huwebes) hanggang May 29 (Biyernes) ihahanda ang muling pagbubukas ng paaralan.

※ Ipapaalam namin ang nilalaman at kung paaano sa mga susunod na araw.

3 Ang kusang loob na pagpasok sa paaralan ay nakabukas hanggang sa katapusan ng petsa ng pansamantalang pagsasara ng paaralan.

4 Iba pang paalala

（１）Hindi ipapatupad ang bukatsu (club activity) habang sarado ang paaralan.

（２）Para maiwasan ang pagkalat ng impeksyon ng nakakahawang New Corona Virus, pinapakiusap na makipagtulungan sa pamamagitan ng pag-iwas sa paglabas sa mga lugar na maraming tao at gugulin ang oras sa loob ng bahay.

（３）Gayundin sa bahay, gumawa ng mga hakbang para maiwasan ang nakakahawang sakit katulad ng paghuhugas ng kamay at tamang pag-uugali sa pag-ubo.

（４）Ang iskedyul ng pagbubukas ng playground ng paaralan at paghahati ng mga distrito ay ipapaalam sa mga susunod na araw.

（５）Ang mga abiso katulad ng impormasyon na may kinalaman sa pag-aaral ay ipapaalam sa Homepage ng paaralan at sa pamamagitan ng pagpapadala ng School Mail.

Contact: Mutsumi Seibu Elem School, Assistant Principal: Ikeda Yoshihiro
Tel No 71-2971